

## **Isang Araw Na Pagluklok sa Sagradong Puso ni Hesus Sa Tahanan ng Pamilyang Katoliko**

**MABUHAY:** Binabati ka namin at ang iyong pamilya, sa iyong pagsisimula ng pagtatalaga sa inyong sarili sa Sagradong Puso ni Hesus at sa inyong Pagluklok sa Kanya bilang Hari ng inyong tahanan. Sa inyong pagsisimula sa paglalakbay na ito, naniniwala kami ng walang agam agam na kayo ay tinawag ng Diyos sa mga sandaling ito upang ganapin ang taimtim na pangako ng pakikiisa ng inyong puso sa pinaka Sagradong Puso ni Hesus.

**ANO ANG PAGLUKLOK?** Ang pinaka basihan ng kahulugan ng Pagluklok ng Sagradong Puso ay ang itinalagang pag-aalay ng isang nilalang o pamilya kay Hesus sa pamamagitan ng pag-imbita kay Hesus upang maging Hari ng kanilang mga puso at tahanan. Bilang ganti, ibinigay ng ating Panginoong Hesus ang kanyang mga biyaya sa kanyang labing dalawang **(12) Pangako**.

Kabahagi ng kasunduang ito, iniimbitahan mo si Hesus na maging hari ng iyong tahanan; na siya ay mamalagi sa inyong puso; at makasali sa lahat ng detalye ng inyong buhay. Mayroon Siyang nag-aalab na pagnanais na biyayaan ka ng masagana sa iyong matapat na pangakong mamuhay sa kasunduang ito ng pag-ibig sa Kanya. Ang Kanyang pag-ibig ay mangingibabaw sa iyo sa mga kamangha manghang paraan sa pamamagitan ng Kanyang walang katapusang biyaya. Kamangha mangha, ang pag-ibig ni Hesus na nakapaloob sa iyong puso ay dadaloy sa mga miyembro ng iyong pamilya, pamayanan, at sa buong mundo.

*“Ang Pagluklok sa Sagradong Puso ni Hesus ay ang pagdadala ni Hesus sa kaharian ng Diyos dito sa mundo sa pamamagitan natin,”* ayon kay Msgr. John Esseff, Spiritual Director ng Sacred Heart Home Enthronement International Apostolate.

Sinabi ni Hesus kay Santa Margaret Mary Alacoque, *“Ako ay maghahari sa pamamagitan ng Aking Sagradong Puso”*.

**Ginawa ni Hesus ang labing dalawang (12) Pangako para sa mga tutugon sa pagnanais ng Kanyang Sagradong Puso at wagas na pagsisikap na manumbalik sa Kanyang pag-ibig.**

**Nagpakita si Hesus kay Santa Margaret Mary Alacoque sa pagitang ng 1673-1675.**

### **ANG MGA PANGAKO NG SAGRADONG PUSO**

1. Bibigyan ko sila ng mga biyayang kailangan sa kanilang estado sa buhay.
2. Magtatatag ako ng kapayapaan sa kanilang mga tahanan.
3. Pagagaanin ko ang kanilang mga pagdurusa.
4. Ako ang kanilang magiging kanlungan ng kaligtasan sa kanilang buhay at, higit sa lahat, sa kanilang kamatayan.
5. Magbibigay ako ng maraming biyaya sa lahat ng kanilang Gawain.
6. Sa mga makasalalan ay makakatagpo sa Aking Puso ng ugat at dagat ng walang hanggang awa.
7. Ang mga maligamgam na kaluluwa ay magiging masigasig.

8. Ang mga kaluluwang masigasig ay mabilis na aangat sa kasakdalan.
9. Pagpapalain Ko ang bawat lugar kung saan ang larawan ng Aking Sagradong Puso ay nakalantad at pinaparangalan.
10. Bibigyan ko ang mga pari ng kakayahan upang dampian ang mga tumigas na puso.
11. Ang mga pangalan ng mga magsusulong ng debosyong ito ay masusulat sa Aking Puso.
12. Aking pangako mula sa labis na maawain Kong Puso, na ang Aking pinaka-makapangyarihang Pag-ibig ay ibibigay sa lahat ng tatanggap ng Komunyon sa Unang Biyernes ng magkakasanod na siyam (9) na buwan ang biyaya ng huling pagpapakasakit; hindi sila mamamatay sa Aking kahihyan, o na hindi makakatanggap ng mga sakramento. Ang Aking Banal na Puso ang kanilang magiging ligtas na kanlungan sa mga huling sandaling ito.

## **PAGHAHANDA:**

Mahalaga ang paghahanda na panloob at sa panlabas para sa Pagluklok.

Panloob na paghahanda para sa mga Katoliko ay kinabibilangan ito ng pangungumpisal, pagdalo sa misa at pagtanggap sa Banal na Eukaristiya. Kung maaari, isagawa ito sa araw ng Seremonya ng Pagluklok. Para sa ibang Kristiyano, iminimungkahi na hilingin sa Ating Diyos na mapatawad sa ating mga kasalanan at magkaroon ng matatag na layunin ng pagbabago upang maiwasan ang malapit sa kasalanan.

Panlabas na paghahanda ay kinabibilangan ng imahen/estatwa ng Sagradong Puso ni Hesus; pumili ng lantad na lugar sa inyong tahanan upang paglagyan ng imahen/estatwa. Higit na mahalaga, ay ang pagtatalaga ng natatanging lugar, “trono”, o altar upang mabigyan ng kahalagahan ang panunuluyan ng Panginoon sa iyong tahanan, kung kaya ang imahen sa dingding, sa kapa o sa mesa dahil sa karapat dapat na espesyal na katanyagan, kasama ang mga bulaklak, kandila o mga litrato ng pamilya.

May dakilang pagmamahal si Hesus sa kanyang ina, ang Pinagpalang Birheng Maria. Kayo ay hinihikayat upang imbitahan ang Imakuladang Puso ni Maria upang makapasok kayo sa mapagmahal na relasyon kay Hesus sa paglalagay ng imahen/estatwa ng Imakuladang Puso, at hilingin sa kanya na tulungan kayong magmahal tulad ng pagmamahal ng kanyang Anak, si Hesus.

**Pagbasbas na Panalangin** na dadasalin sa harap ng imahen/estatwa ng Sagradong Puso ni Hesus at ng Imakuladang Puso ni Maria ng pinuno ng pamilya, Pari, Deakono o kaya Lider.

Makapangyarihan at Diyos na walang hanggan, na hindi kami pinipigilang magpakita ng imahen ng iyong mga santo, kami ay umaasa na ang mga representasyon nila upang ipaalala sa atin na palagiang gayahin ang kanilang buhay at kabanalan. Nananalangin kaming basabasan mo ang mga imahen at estatwa sa ngalan ng iyong Bugtong na Anak, si Hesu Kristo, at ang Kanyang Pinaka Sagradong Puso, at gawin ang mga itong banal. Ipahintulot na at ang ang bawat titingin sa mga Imahen ay igalang at sambahin ang Pinaka Sagradong Puso ni Hesus at ang Imakuladang Puso ni Maria. Nawa'y tanggapin natin ang pagpapala, ang mga gantimpalang nakuha ni Hesus sa Kanyang Pasyon, ang Kamatayan at Pagkabuhay naming uli at ang katangian ng kanyang buhay at walang hanggang luwalhati na ipinangako sa kabilang buhay. Ito ang aming kahilingan sa pamamagitan ni Hesu Kristo, na nabubuhay at naghahari kasama Mo at ng Espiritu Santo, lisang Diyos magpasa walang hanggan. Amen,

### **Ang Prusisyon**

Tulad ng pagpapakita mo sa isang kaibigan sa paligid ng iyong bahay sa unang pagkakataon na sila ay bumisita, ang pinuno ng sambahayan ay dadalhin ang larawan ng Sagradong Puso at mangunguna sa isang prusisyon sa buong bahay, huminto sa bawat silid. Hinihikayat na sabihin kung ano ang naaalala sa pagdarasal sa bawat silid na binisita. Halimbawa: "Panginoon, mangyaring pagpalain ang mga bata na natutulog sa silid na ito ... atbp. Sa sala ay maaaring sabihin; "Panginoon, mangyaring basbasan ang mga dumadalaw o nagtitipon dito ... atbp. Sa kusina ay maaaring sabihin: "Salamat Lord sa pagkain na inihahanda dito at ang aming pagsasalu salo sa tinapay" ... atbp.

### **Seremonya ng Pagluklok**

**Lider/Pari/Deakono:** Magsasalita ng kaunti tungkol sa pamilya, ipinapaalala sa kanila ang mga pangako ng Sagradong Puso sa mga pamilyang inihandog sa Kanya. Balikan ang labing dalawang (12) Pangako kay Santa Margaret Mary Alacoque at hikayatin ang pamilya na mamuhay sa Pagluklok sa pamamagitan ng pagsamba sa Sagradong Puso ni Hesus at ang Pangako ng Pagtatalaga na kanilang isasagawa.

**Lider/Pari/Deakono:** Manalangin tayo "Sa ngalan ng Ama, ng Anak at ng Espiritu Santo. Amen".

O, aking Hesus, sa ngalan ng pakikiisa sa Banal na Simbahang Katoliko at ng Sambayanang Kristiyano, tinatanggap ka naming bilang aming Hari ng Sanlibutan; ang lahat lahat ay ginawa mo dahil sap pag-ibig sa amin. Iniimbitahan ka namin Panginoong Hesus na pumarito ngayon at samahan kaming palagi habang iniaalay namin ang aming mga sarili, aming mga puso at aming mga tahanan sa iyo sa pamamagitan ng Kasunduan sa Pag-ibig.

**Tagabasa:** 1 Juan 4:7-12

"Mga minamahal, mahal natin ang sa isa't isa, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig; lahat ng nagmamahal ay ipinanganak ng Diyos at nakakakilala sa Diyos. Ang sinumang walang pag-ibig ay hindi kilala ang Diyos, dahil ang Diyos ay pag-ibig. Sa ganitong paraan, ang pag-ibig ng Diyos ay ipinahayag sa atin: Ipinadala ng Diyos ang kanyang bugtong na Anak

sa mundo upang magkaroon tayo ng buhay sa pamamagitan niya. Sa pag-ibig na ito: hindi sa minahal natin ang Diyos, bagkus ay minahal Niya tayo at ipinadala ang kanyang Anak upang maging kabayaran sa ating mga kasalanan. Minamahal, kung ganoon tayo kamahal ng Diyos, dapat din nating mahalin ang isa't isa. Wala pang nakakita sa Diyos. Gayunpaman, kung mamahalin natin ang isa't isa, mananatili sa atin ang Diyos, at ang kanyang pag-ibig ay magiging perpekto sa atin. "

**Lider/Pari/Ministro:** Pinaka Sagradong Puso ni Hesus, Hari ng Pag-ibig, ninanais naming kumpunihin at aliwin ang iyong pusong sugatan sa pag-aalay ng litanyang ito.

**Lider/Pari/Ministro at Pamilya:**

Panginoon, maawa ka sa amin.

Kristo, maawa ka sa amin.

Panginoon, maawa ka sa amin.

Naririnig kami ni Kristo.

Kristo, taimtim na nakikinig sa amin.

Diyos Ama ng Langit.

Diyos Anak, Manunubos ng Mundo,

Diyos na Banal na Espiritu,

Banal na Trinidad, isang Diyos,

Puso ni Hesus, Anak ng Walang-hanggang Ama,

Ang puso ni Hesus, na nabuo ng Banal na Espiritu sa sinapupunan ng Birhen na Ina,

**Maawa ka sa amin**

Ang puso ni Hesus, na lubos na nagkakaisa sa salita ng Diyos, **Maawa ka sa amin.**

Puso ni Hesus, ng walang hanggang kadakilaan, **Maawa ka sa amin.**

Puso ni Hesus, banal na templo ng Diyos, **Maawa ka sa amin.**

Puso ni Hesus, tabernakulo ng Kataastaasan, **Maawa ka sa amin.**

Puso ni Hesus, bahay ng Diyos at pintuan ng langit, **Maawa ka sa amin.**

Puso ni Hesus, kumikinang na hurno ng kawanggawa, **Maawa ka sa amin.**

Puso ni Hesus, daluyan ng katarungan at pag-ibig, **Maawa ka sa amin.**

Puso ni Hesus, puno ng kabutihan at awa, **Maawa ka sa amin.**

Puso ni Hesus, kailaliman ng lahat ng mga birtud, **Maawa ka sa amin.**

Puso ni Hesus, na karapat-dapat sa lahat ng papuri, **Maawa ka sa amin.**

Puso ni Hesus s, hari at sentro ng lahat ng mga puso, **Maawa ka sa amin.**

Puso ni Hesus, na naglalaman ng lahat ng mga kayamanan ng karunungan at kaalaman,

**Maawa ka sa amin.**

Ang puso ni Hesus, na nagtataglay ng kabuuan ng pagka-Diyos, **Maawa ka sa amin.**

Puso ni Hesus, na kung saan ay nalulugod ang Ama, **Maawa ka sa amin.**

Puso ni Hesus, na ang kabuuan ay natanggap nating lahat, **Maawa ka sa amin.**

Puso ni Hesus, pagnanasa ng walang hanggang mga burol, **Maawa ka sa amin.**

Puso ni Hesus, mapagpasensya at mayaman sa awa, **Maawa ka sa amin.**

Puso ni Hesus, na nagpayaman sa lahat na tumatawag sa Iyo, **Maawa ka sa amin.**

Puso ni Hesus, bukal ng buhay at kabanalan, **Maawa ka sa amin.**

Puso ni Hesus, pagpapala para sa aming mga pagkakasala, **Maawa ka sa amin.**

**Panginoon, maawa ka sa amin.**

**Kristo, maawa ka sa amin.**

**Panginoon, maawa ka sa amin.**

**Naririnig kami ni Kristo.**

**Kristo, taimtim na nakikinig sa amin.**

**Maawa ka sa amin.**

**Maawa ka sa amin..**

**Maawa ka sa amin.**

**Maawa ka sa amin.**

**Maawa ka sa amin**

Puso ni Hesus, na labis na sinisisi, **Maawa ka sa amin.**  
Puso ni Hesus, na nasusugatan dahil sa aming mga kasamaan, **Maawa ka sa amin.**  
Puso ni Hesus, masunurin hanggang sa kamatayan, **Maawa ka sa amin.**  
Puso ni Hesus, na tinusok ng sibat, **Maawa ka sa amin.**  
Puso ni Hesus, pinagmulan ng lahat ng ginhawa, **Maawa ka sa amin.**  
Puso ni Hesus, ang aming buhay at muling pagkabuhay, **Maawa ka sa amin.**  
Puso ni Hesus, ang aming kapayapaan at unawaan, **Maawa ka sa amin.**  
Puso ni Hesus, biktima para sa aming mga kasalanan **Maawa ka sa amin.**  
Puso ni Hesus, kaligtasan ng mga umaasa sa Iyo, **Maawa ka sa amin.**  
Puso ni Hesus, pag-asa ng mga namayapa sa Iyo, **Maawa ka sa amin.**  
Puso ni Hesus, galak ng lahat ng mga santo, **Maawa ka sa amin.**  
Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, **Iligtas mo kami, O Panginoon.**

Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng mga kasalanan ng mundo, **Mapagbigay mo kaming pakinggan, O Panginoon.**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng mundo, **Maawa ka sa amin.**

### **Manalangin Tayo:**

Makapangyarihan at walang hanggang Panginoon, tignan ang Puso ng Iyong Anak at mga papuri at biyayang inihahandog Niya para sa mga makasalanan. Sa iyong kabutihan, patawarin mo ang mga humihingi ng awa sa Ngalan ng Iyong Anak na si Hesu Kristo, na nabubuhay at naghahari kasama Mo magpakailanman at magpasa walang hanggan. Amen.

**Lider/Pari/Ministro:** Panginoong Hesu Kristo, nais ng pamilyang ito na tanggapin ka sa kanilang tahanan bilang pangalawang Betanya. Isang nag-aanyayang lugar tulad ng tahanan ng iyong mga kaibigang sina Marta, Maria at Lazarus, kung saan ikaw ay makapagpapahinga at kakain kasama nila sa kanilang hapag kainan; isang lugar na matatawag mong iyong tahanan, at makikibahagi sa kanilang pang araw araw na buhay habang nakikibahagi sila sa iyong buhay. Panginoon, basbasan mo silasa kanilang pangakong ibahagi nila ang kanilang buhay sa iyo sa panahong ito ng masiglang pakikipagtipan ng pag-ibig sa iyo.

**Pamilya: Ang imahen ng Sagradong Puso ni Hesus ay Iniluklok sa pinakamadalas makitang lugar sa tahanan, at ng buong paggalang habang binabasa ng malakas ng pamilya ang panalanging ito.**

Ibinibigay at itinatalaga ko sa Sagradong Puso ng ating Panginoong Hesu Kristo, ang aking pagkatao, aking buhay, aking gawain, ang mga pasakit at pagdurusa. Higit pa sa mga ito, hindi ko magagamit ang ano mang bahagi ng aking katauhan liban sa pagdakila, pag-ibig, at pagluwalhati sa Sagradong Puso. Ito ang aking walang hanggang hangarin: ibigay ko sa Kanya ang lahat; gawin ang lahat para sa pag-ibig sa Kanya; at ng buong puso, tinatalikdan ko ang anuman at lahat ng ikagagaglit Niya.

Sa makatuwid, tinatanggap Kita, Pinaka Sagradong Puso, upang maging tanging layunin ng aking pag-ibig, ang katiwala ng aking buhay, ang katiyakan ng aking kaligtasan, ang lunas

sa aking kahinaan at pagbabagu-bago, ang pagbabayad sala sa aking mga kamalian sa buhay, at ang aking tiyak na kanlungan sa oras ng kamatayan. O Puso ng kabutihan, maging katwiran nawa kita sa aking pagtayo sa harap ng Diyos Ama at iligtas mo ako sa kanyang makatwirang galit.

O Puso ng Pag-ibig at Awa, inilalagay ko ang aking pagtitiwala sa Iyo. Natatakot ako para sa aking kaligtasan dahil sa aking mga pagkakamali at kahinaan, ngunit, inilalagay ko ang aking pag-asa sa lahat ng pangako mo sa pamamagitan ng Iyong kabutihan at biyaya. Alisan mo ako ng lahat nang makakagalit sa Iyo at lahat ng bagay na kabalintunaan ng Iyong Dakilang Banal na Kagustuhan. Itulot nawa ng iyong taos puso at matibay na pag-ibig na linisin ang kaibuturan ng aking puso at kaluluwa upang hindi kita malimutan o kaya ay mawalay sa Iyo kahit saglit lamang.

Sana ay matanggap ko sa Iyong mapagmahal na kabaitan ang karangalang maisulat ang aking pangalan sa Iyong Puso, dahil sa Iyo nais kong ilagay ang lahat ng aking kaligayahan at kauluwalhatian, mabuhay at mamatay sa piling mo. Amen. (Santa Margaret Mary Alacoque)

**Lider/Pari/Ministro:** katulad ng sinabi ni Hesus kay Zacchaeus, “Ngayon, ang kaligtasan ay sumapit sa tahananang ito.” (Lukas 19:9) **At gayun din sa TAHANANG ito! Maligayang bati!!!**

**Lider/Pari/Ministro:** Dasalin natin ang isang Ama Namin, isang Aba Ginoong Maria, at isang Kaluwalhatian para sa hangarin ng Banal na Ama at para sa lahat ng miyembro ng pamilya para sa mga nabubuhay at mga pumanaw na.

Sa pagkakatong ito, ay nais naming tawagan ang pamilya upang mag-handog ng mga espesyal na kahilingan (panalangin) sa Sagradong Puso, at ang ating kasagutan ay, **“Panginoon, dinggin at sagutin ang aming mga panalangin.”**

**Pamilya:** (Ihahandog ang mga panalangin)

**Lider/Pari/Ministro:** Sa lawak ng iyong awa Panginoon, dinggin at magiliw na ibuhos ang iyong mapagpahilom na pag-ibig sa pamilyang ito at sa lahat ng kanilang panalangin.

**Pagbasbas sa Pamilya:** Ang pinuno ng pamilya ay babasbasan ng Lider/Pari/Ministro at pagkatapos, ang pinuno ng pamilya ang siyang magbabasbas sa bawat miyembro ng pamilya, at pagkatapos ang bawat isa ay magpapalitan ng basbas para sa bawat isa. (Gumamit ng benditadong tubig kung mayroon).

**Lider/Pari/Ministro:** Sa kasalan sa Cana, si Maria, Ina ni Hesus, ay lumapit sa kanyang anak upang sabihing wala ng alak. Sumagot si Hesus sa kahilingan ng kanyang Ina sa pamamagitan ng isang milagro sa publiko. (Juan 2:1-12)

Bumaling tayo kay Maria, ang Ina ni Hesus at hilingin nating tanggapin niya tayo bilang kanyang mga anak, at mamagitan para sa atin, sa kanyang Anak sa oras ng ating pangangailangan.

**Pagtatalaga sa Imakuladang Puso ni Maria:** (Ilalagay ng Ina o miyembro ng pamilya) ang imahen o estatwa ng Imakuladang Puso ni Maria sa tabi (ng kaliwang kamay) ng Sagradong Puso ni Hesus.

**Pamilya:** Reyna ng Pinaka Banal na Rosaryo at magiliw na Ina ng Simbahan, iniaalay namin ang aming mga sarili sa iyo, at sa iyong Imakuladang Puso. Itinatgagubilin namin sa iyong mapagmahal na pangangalaga ang aming pamilya, ang mga pamilya sa aming pamayanan, sa aming bansa at sa mundo. Nakikiusap kami na iyong tanggapin ang aming pag-aalay, pinaka mamahal na Ina at sa iyong mahabaging pagmamahal, gabayan mo kami sa pamamaraan ng kagustuhan ng aming banal na Ama sa Kalangitan. O kabiyak ng Espiritu Santo, pasiklabin sa aming puso ang pag-ibig na Dalisay, ang pagsasagawa ng kabutihan at ang katapangan upang maging saksi sa aming pananampalataya, at pagmamahal sa iyong Anak. Gawing dambana ni Maria ang aming tahanan, dambana ng Eukaristiya, bahay ng panalangin, kuta ng Kristiyano, at simbahang lokal. Nawa'y maging apostol kami ng pag-ibig at ipahayag na si Hesus ang aming Diyos at Kaibigan sa lahat ng araw ng aming buhay. Amen.

**Pamilya:** O San Jose, matapat na kabiyak ni Maria at minamahal na ama-amahan ni Hesus, bumabaling kami sa iyo at humihiling ng iyong pamamagitan para sa lahat ng pamilya. Bubungan, ipagtanggol, at gabayan mo kami sa aming paglalakbay sa mundo upang kami ay maging banal na pamilya katulad ng sa inyo. Amen.

**Lider/Pari/Ministro:** Magbibigay ng panghuling basbas para sa lahat at imbitahan ang lahat na pirmahan ang siyertipiko.

Pasalamatang ng pamilya ang lahat ng bisita sa kanilang pagdalo at alukin sila sa kaunting salu-salo.

### **Pagpirma sa Siyertipiko**

Lahat ng miyembro ng pamilya ay pipirma sa harap ng Siyertipiko ng Pagluklok.  
Lahat ng bisita ay pipirma sa likod ng siyertipiko.

Maligayang bati at pagpapala sa Lahat ng pamilya at mga bisita!  
Ang pasasalamat, kaunting salu-salo at ang pagsasama sama ay gawing malugod.



*Kaming mga nakalistang kasapi ng pamilya ng*

**Ay Mataimtim na Iniluklok ang Sagradong Puso ni Hesus  
Bilang**

# **H**ARI NG **A**MING **P**AMILYA

*At puno ng pagmamahal naming Tinatalaga ang mga Kasapi, mga buhay at maging ang mga yumaos, sa Kanya bilang mga kasapi ng*

## **PINAKASAGRADONG PUSO**

Sa ika-\_\_\_\_ araw na ito ng \_\_\_\_\_, 20\_\_\_\_. At bilang pagpapatunay, inilalapat namin ang aming mga lagda.

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

Lagda ng pari o ng kanyang kinatawan

### **ANG KAPISTAHAN NG SAGRADONG PUSO** ay nararapat na ipagdiwang ng Buong Taimtim sa Tahanan at sa Simbahan

Galangin si Hesus araw araw sa matahimik na pagsamba sa harap ng Imahen Niya, sa pagpapasalamat sa pamamagitan ng dasal, paghiling, o kaya ay sa pagbanggit ng “Hesus, nagtitiwala ako sa iyo.”

Mga mungkahi para sa paggalang sa Pagkaluklok ng Sagradong Puso: palagiang pagtanggap ng Komunyon, Pagsapi sa palagiang pagsamba sa banal na Ostiya, araw araw na pagbasa ng Banal na Bibliya, pangungumpisal sa bawat buwan, pagdasal ng rosaryo, isasagawa bilang pag-aalay para sa mga Sagradong Puso ni Hesus. At panghuli, Sambahayan sa Kapistahan ng

at ang pag-aayuno. Ang lahat ng ito ay kasalanang nagawa laban sa Pinaka isagawang muli ang Pagluklok ng Sagradong Puso ni Hesus.







*Nosotros, miembros de la familia*

Solemnemente Entronizamos El Sagrado Corazón de Jesús

**REY DE NUESTRA FAMILIA**

*y afectuosamente consagramos a todos los miembros, vivos y fallecidos a Su*

**SACRATISIMO CORAZON**

El día \_\_\_\_\_ de \_\_\_\_\_ de 20\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

Firma del Sacerdote o representante

***LA FIESTA DEL SAGRADO CORAZON***  
**debe celebrarse solemnemente en el hogar y en la Iglesia**

Veneremos diariamente a Jesús dedicando un momento de nuestro día frente a su imagen ya sea en silencio, con oraciones de acción de gracias o simplemente repitiendo "Jesús, en Ti confío."

Algunas sugerencias para vivir la entronización son: recibir la Santa Eucaristía

tantas veces como les sea posible, pasar tiempo con Jesús en Adoración Eucarística,

leer la Biblia diariamente, confesarse \_\_\_\_\_ mensualmente, rezar el Rosario y ayunar.

Todo como actos de Reparación por las ofensas \_\_\_\_\_ causadas contra Su Sacratísimo Corazón.  
Finalmente, pueden renovar su entronización \_\_\_\_\_ el Día del Sagrado Corazón de Jesús.





*Nosotros,  
miembros de la familia*

Solemnemente Entronizamos El Sagrado Corazón de Jesús  
como

**Rey de Nuestra Familia**

*y afectuosamente consagramos a todos los miembros, vivos y fallecidos a Su*

**SACRATISIMO CORAZON**

El día \_\_\_\_ de \_\_\_\_\_ de 20 \_\_\_\_

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

Firma del Sacerdote o representante

### LA FIESTA DEL SAGRADO CORAZON

**debe celebrarse solemnemente en el hogar y en la Iglesia**

Veneremos diariamente a Jesús dedicando un momento de nuestro día frente a su imagen ya sea en silencio, con oraciones de acción de gracias o simplemente repitiendo "Jesús, en Ti confío."

Algunas sugerencias para vivir la entronización son: recibir la Santa Eucaristía tantas veces como les sea posible, pasar tiempo con Jesús en Adoración Eucarística, leer la Biblia diariamente, confesarse mensualmente, rezar el Rosario y ayunar.

Todo como actos de Reparación por las ofensas  
Finalmente, pueden renovar su entronización

causadas contra Su Sacratísimo Corazón.  
el Día del Sagrado Corazón de Jesús.





*Nosotros,  
miembros de la familia*

**Solemnemente Entronizamos El Sagrado Corazón de Jesús**

**como**

**REY DE NUESTRA FAMILIA**

*y afectuosamente consagramos a todos los miembros, vivos y fallecidos a Su*

**SACRATISIMO CORAZON**

El día \_\_\_\_ de \_\_\_\_\_ de 20 \_\_\_\_

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

Firma del Sacerdote o representante

***LA FIESTA DEL SAGRADO CORAZON***

**debe celebrarse solemnemente en el hogar y en la Iglesia**

Veneremos diariamente a Jesús dedicando un momento de nuestro día frente a su imagen ya sea en silencio, con oraciones de acción de gracias o simplemente repitiendo "Jesús, en Ti confío."

Algunas sugerencias para vivir la entronización son: recibir la Santa Eucaristía tantas veces como les sea posible, pasar tiempo con Jesús en Adoración Eucarística, leer la Biblia diariamente, confesarse mensualmente, rezar el Rosario y ayunar.

Todo como actos de Reparación por las ofensas causadas contra Su Sacratísimo Corazón. Finalmente, pueden renovar su entronización el Día del Sagrado Corazón de Jesús.





*Nosotros,*  
*miembros de la familia*

Solemnemente Entronizamos El Sagrado Corazón de Jesús  
como

**Rey de Nuestra Familia**

*y afectuosamente consagramos a todos los miembros, vivos y fallecidos a Su*

**SACRATISIMO CORAZON**

El día \_\_\_\_ de \_\_\_\_ de 20 \_\_\_\_

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

Firma del Sacerdote o representante

**LA FIESTA DEL SAGRADO CORAZON  
debe celebrarse solemnemente en el hogar y en la Iglesia**

Veneremos diariamente a Jesús dedicando un momento de nuestro día frente a su imagen ya sea en silencio, con oraciones de acción de gracias o simplemente repitiendo "Jesús, en Ti confío."  
Algunas sugerencias para vivir la entronización son: recibir la Santa Eucaristía tantas veces como les sea posible, pasar tiempo con Jesús en Adoración Eucarística, leer la Biblia diariamente, confesarse mensualmente, rezar el Rosario y ayunar. Todo como actos de Reparación por las ofensas causadas contra Su Sacratísimo Corazón. Finalmente, pueden renovar su entronización el Día del Sagrado Corazón de Jesús.



*Naming  
mga nakalalang kasapi  
ng pamilya ng*



**Ay Mataimtim na Iniluklok ang Sagradong Puso ni Hesus  
Bilang**

**Sari ng Aming Pamilya**

**PINAKASAGRADONG PUSO**

Sikat - araw na ito ng \_\_\_\_\_, 20\_\_\_\_\_. At bilang pagpapatunay, itilapat

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

Lagda ng pari o ng kanyang kinatawan

**ANG KAPISTAHAN NG SAGRADONG PUSO  
debe celebrarse solemnemente en el hogar y en la Iglesia**

ay nararapat na ipagdiwang ng Buong Taimtim sa Tahanan at sa Simbahan

Galangin si Hesus araw araw sa matahimik na pagsamba sa harap ng Imahen Niya, sa pagpapasalamat sa pamamagitan ng dasal, paghiling, o kaya ay sa pagbanggit ng “Hesus, nagtitiwala ako sa iyo.”

Mga mungkahi para sa paggalang sa Pagkaluklok ng Sagradong Puso: palagiang pagtanggap ng Komunyon, Pagsapi sa palagiang pagsamba sa banal na Ostiya, araw araw na pagbasa ng Banal na Bibliya, pangungumpisal sa bawat buwan, pagdasal ng rosaryo, at ang pag-ayunin. Ang lakat ng ito ay isasagawa bilang pag-aalay para sa mga kasalanang nagawa laban sa Pinaka Sagradong Puso ni Hesus. At panghuli, isagawang muli ang Pagluklok ng Simbahan sa Kapistahan ng Sagradong Puso ni Hesus.

